

Mga Mapagkukunan para sa mga Komunidad ng Imigrante sa Panahon ng COVID-19 na Pandemya sa Lungsod ng New York

Ang Lungsod ng New York ay nakatuon sa pagtulong sa mga taga-New York na naapektuhan nang makabuluhang ng Coronavirus 2019 na pandemya (COVID-19). May maraming mga serbisyo sa lungsod ang magagamit sa lahat ng mga taga-New York kahit ano pa ang iyong katayuan sa imigrasyon at anuman ang iyong kakayahang magbayad, bagaman ang iba pang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay maaaring naaangkop.

Ang impormasyon sa mga magagamit na serbisyo at mapagkukunan ay **madalas na nagbabago**. Para sa mga pagbabago, bumisita sa nyc.gov/immigrants/coronavirus at sa nyc.gov/coronavirus, at sundin ang [@NYCImmigrants](https://twitter.com/NYCImmigrants) sa Twitter.



Gabay at Paggamot ng COVID-19

- Ang pagpapanatili sa bahay hangga't maaari ay maaaring mapapabalang ang pagkalat ng COVID-19 sa Lungsod ng New York. Mga taong hindi nagpapakita ng mga sintomas ay maaari pa ring kumalat ng virus.
- Ang mga taga-New York ay dapat magsuot ng mga pantakip ng mukha sa publiko, lalo na kung hindi nila kayang manatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo sa iba. Ang isang pantakip sa mukha ay isang papel o tela na nakatali nang maayos at tumatakip sa iyong ilong at bibig at dapat na isuot tuwing lumalabas ka ng bahay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung anong uri at paano dapat gamitin ang pantakip ng mukha, bumisita sa [NYC.gov/Coronavirus](https://nyc.gov/Coronavirus).
- Lahat ng mahahalagang empleyado ng Lungsod ng New York ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha kapag nakikipag-ugnay sa publiko habang nagtatrabaho. Ang Lungsod ay namamahagi ng mga pantakip ng mukha sa mga mahahalagang manggagawa ng Lungsod.
- Dapat mangailangan ng mga tindahan ng groseri ang mga customer na magsuot ng mga pantakip ng mukha upang maprotektahan ang mga empleyado at customer. Pinapayuhan ang mga may-ari ng negosyo na mag-paskil ng mga palatandaan upang makatulong na ipatupad ang patnubay na ito.
- Kung ikaw ay may sakit, **manatili sa bahay**. Kung mayroon kang ubo, pangangapos ng paghinga, lagnat, namamagang lalamunan at masama pa rin ang pakiramdam pagkatapos ng 3-4 na araw, kumunsulta sa iyong doktor.
- Gumamit ng telepono, teksto, telemedicine (video conferencing), o isang portal ng pasyente upang makipag-usap sa iyong doktor sa halip na pumunta sa iyong doktor nang personal. Ikaw at ang iyong doktor ay magpapasya kung kailangan mong humingi ng pangangalagang medikal sa labas ng iyong tahanan.
- Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor o pagkuha ng pangangalagang medikal, tumawag sa **311**. Magbibigay ang Lungsod ng pangangalagang medikal kahit ano ang iyong katayuan sa imigrasyon at kung maaari mong bayaran ito o hindi.
- Ang Lungsod ng New York ay **HINDI** nagse-set up nang direkta sa mga pasyente ng mga pagsubok para sa COVID-19. Kung nakatanggap ka ng ganoong tawag, ito ay isang panloloko. Talakayin lamang ang iyong impormasyon sa pangkalusugan, kabilang ang anumang mga kinakailangang pagsusuri, kasama ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
- Ang gabay ng Lungsod sa anong dapat mong gawin patungkol sa COVID-19 na pandemya ay madalas na binabago. Upang maging napapanahon sa pinakabagong impormasyon, bumisita sa [NYC.gov/Coronavirus](https://nyc.gov/Coronavirus). Ang impormasyon ay magagamit sa higit sa 20 mga wika.
 - Para sa mga teksto na napapanahon na pagbabago tungkol sa COVID-19 sa Ingles, mag-text sa **COVID** sa **692-692**.
 - Para sa mga teksto na napapanahon na pagbabago sa Espanyol, mag-text sa **COVIDESP** sa **692-692**.
 - Ang mga napapanahon na pagbabago ay maaari ding matagpuan sa Ingles, Espanyol at Tsino sa Twitter. Sundin ang [@NotifyNYC](https://twitter.com/NotifyNYC), [@NNYCSpanish](https://twitter.com/NNYCSpanish) at [@NNYCChinese](https://twitter.com/NNYCChinese).
- Ang mga taga-New York na may mga sintomas o positibo ang pagsubok para sa COVID-19, nakipag-kontak sa isang taong maaaring may COVID-19, o kasalukuyang nasa kuwarantina ay maaaring ipabago ang kanilang katayuan sa Lungsod. Bumisita sa [NYC COVID-19 Engagement Portal](https://nyc.gov/COVID-19-Engagement-Portal) para sa karagdagang impormasyon.



COVID-19 at Pagkabalisa sa Imigrasyon

- Ang pagkuha ng pangangalaga, paggamot, o pagsubok para sa COVID-19 ay HINDI kang gagawing isang “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo” o makapinsala sa iyong kakayahang mag-aplay para sa isang green card. Ang pagkuha ng kawanggawa o naka-diskwentong pangangalagang medikal ay hindi makapinsala sa iyong kakayahang mag-aplay para sa isang green card. Walang pagsubok para sa “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo” kapag ang mga may hawak ng green card ay mag-aaplay para sa pagkamamamayan. Humingi ng pangangalaga nang walang takot.
- Maraming mga imigrante ay hindi apektado ng pagsubok sa “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo”.
- At hindi lahat ng pampubliko, serbisyo, programa o benepisyo ay itinuturing na “pampublikong benepisyo” sa ilalim ng pagsubok para “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo”. Halimbawa, ang mga sumusunod na serbisyo at programa ay HINDI itinuturing na “pampublikong benepisyo,” kahit na para sa mga imigrante na sumasailalim sa pagsubok para “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo”:
 - Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan at karamihan sa seguro sa pangkalusugan maliban sa hindi pang-emergency na Medicaid
 - Habang kasama ang Medicaid, ang mga sumusunod na benepisyo sa Medicaid ay hindi kasama:
 - Pang-emergency na Medicaid
 - Mga serbisyong pinondohan ng Medicaid ngunit ipinagkaloob sa ilalim ng Batas sa Edukasyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA)
 - Mga serbisyo na batay sa paaralan o mga benepisyo na pinondohan ng Medicaid
 - Mga benepisyo sa Medicaid na natanggap ng mga batang wala pang 21 taong gulang
 - Mga benepisyo sa Medicaid na natanggap ng isang babae sa panahon ng pagbubuntis + 60 araw
 - Maraming mga uri ng tulong sa pagkain, tulad ng Programa ng Espesyal na Pandagdag sa Nutrisyon para sa Babae, mga Sanggol at Bata (WIC), pantry ng pagkain, Grab at Go na pagkain sa mga paaralan, at marami pa (maliban sa SNAP; tingnan ang seksyong “Pagkain” sa ibaba)
 - Mga benepisyo sa kawalan ng trabaho
- Mayroong naitatag na mga makapangyarihan na proteksyon sa pagkapribado para sa lahat ng mga pasyente ng pangangalaga sa pangkalusugan anuman ang katayuan sa imigrasyon. Sa ilalim ng batas pederal, ang mga ospital at klinika ay hindi nagbabahagi ng impormasyon ng pasyente nang walang pahintulot ng pasyente, maliban kung kinakailangan na gawin ito ng batas.
- Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa imigrasyon at mga pampublikong benepisyo, tawagan ang libre, kumpidensyal na hotline ng ActionNYC sa **1-800-354-0365**, Lunes hanggang Biyernes mula ng 9 a.m. hanggang 6 p.m., o tumawag sa **311** at sabihing “ay HINDI kang gagawing isang “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo” (“Public Charge”) upang ma-akses ang napapanahon at mapagkakatiwalaang impormasyon at mga koneksyon sa legal na tulong



Pangangalaga sa Pangkalusugan at Kabutihan

- Ang NYC Health + mga Ospital ay nagbibigay ng pangangalaga sa lahat ng mga taga-New York, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon. Ang NYC Health + mga Ospital ay makakatulong sa iyo kahit na wala kang seguro at hindi maaring magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan. Totoo ito para sa lahat ng uri ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pangangalaga sa emerhensiya, pagbisita ng doktor, mga gamot, pang-matagalang pangangalaga, at pananatili sa ospital. Bumisita sa [NYCHealthandHospitals.org/immigrant](https://www.nyc.gov/immigrant), o tumawag sa 844-NYC-4NYC (844-692-4692) o 311.
- Ginagarantiyahan ng programang NYC Care ang mga serbisyo na murang-gastos at walang-gastos na inaalok ng NYC Health + mga Ospital para sa mga taga-New York na hindi karapat-dapat o hindi kayang bayaran ang seguro sa pangkalusugan. Upang sumunod sa social distancing (manatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi nakatira sa iyong sambahayan), kukunin ng mga kawani ng NYC Care ang iyong pag-kontak na impormasyon at tatawagin ka para sa pag-papatala kapag pinahihintulutan ang mga pagpupulong sa personal. Bumisita sa [NYCCare.nyc](https://www.nyc.gov/nyc-care), o tumawag sa **1-646-NYC-Care (1-646-692-2273)** o **311**.
- Ang Lungsod ng New York ay ang tahanan ng maraming mga sentro ng pangkalusugan sa komunidad na nagbibigay ng pangangalagang medikal sa isang batayang sliding-fee, depende sa iyong kita. Ang pangangalaga na ito ay magagamit sa lahat, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Bumisita sa [FindaHealthCenter.HRSA.gov](https://www.findahealthcenter.hrsa.gov) o ang [listahan ng opsyon sa pangangalaga sa NYC na mura-hanggang sa walang-gastos](#) upang makahanap ng isang lokasyon na malapit sa iyo.

- Kung nakakaramdam ka ng pagkabalisa, istres o mapuspos, kumonekta sa mga bihasang tagapayo sa NYC Well, ang libre, kumpidensyal na helpline ng Lungsod na magagamit sa 200+ na wika. Tumawag sa **888-NYC-WELL (888-692-9355)**, mag-text ng **WELL** sa **65173**, o makipag-usap online sa [NYC.gov/NYCWELL](https://www.nyc.gov/NYCWELL).
- Tumawag sa COVID-19 Emotional Support Helpline ng Estado ng New York sa 844-863-9314 upang kausapin ang mga boluntaryo na propesyonal na espesyal na bihasa. Naroroon sila upang makinig, suportahan at mag-alok ng mga referral mula 8 a.m. hanggang 10 p.m., pitong araw sa isang linggo.



Seguro sa Pangkalusugan

- Maraming mga mura-hanggang sa walang-gastos na plano sa seguro sa pangkalusugan ang magagamit sa mga imigrante, kasama na ang mga bata na walang dokumento at mga buntis na babae. Ang Medicaid, Child Health Plus, at Essential Plan ay magagamit sa buong taon. Bumisita sa [New York State of Health](https://www.health.ny.gov/) o tumawag sa **311**.
- Dahil sa COVID-19 na pandemya, ang mga serbisyo sa pagpapatala ng seguro sa pangkalusugan ay isuspinde hanggang sa karagdagang paunawa. Maaari kang tumawag para sa impormasyon o para mag-iskedyul ng appointment sa pagpapatala sa telepono. Magagamit ang tulong anuman ang katayuan sa imigrasyon at sa maraming wika. Bumisita sa [NYC's Office of Health Insurance Services](https://www.health.ny.gov/health_care/medicaid/services/health_insurance.htm) upang gumawa ng appointment, o tumawag sa 311. Maaari ka ring mag-text ng **CoveredNYC** sa **877-877**. Mag-text ng **SeguroNYC** sa **877-877** para sa Espanyol.
- Ang Community Health Advocates (CHA) ay tumutulong sa mga taga-New York na mag-navigate sa napakahirap intindihiin na sistema ng pangangalaga sa pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng indibidwal na tulong at edukasyon sa mga komunidad sa buong Estado ng New York. Ang CHA ay nagbibigay ng tulong sa kung paano gamitin ang seguro sa pangkalusugan, lutasin ang mga isyu sa medikal na pagsingil at utang, at pagtatalo sa pagtanggap sa saklaw at pagpapasya sa pagiging karapat-dapat. Ang tulong ay magagamit sa higit sa 170 mga wika. Tumawag sa hotline sa **(888) 614-5400**, Lunes hanggang Biyernes mula 9 a.m. hanggang 4 p.m.



Pagkain

- Ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), o mga food stamp, ay tumutulong sa mga taong may limitadong kita upang bumili ng pagkain. Ang ilang mga paghihigpit sa imigrasyon ay naaangkop. Maaaring makumpleto ang online na aplikasyon at pagpapabago sa pamamagitan ng [ACCESS HRA](https://www.accesshra.org/), ang online na portal ng lungsod na nagbibigay-daan sa iyo upang mag-aplay at pamahalaan ang iyong kaso sa pampublikong benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa Infoline ng HRA sa **718-557-1399**.
 - Ang mga tumatanggap ng SNAP sa NYC ay maaaring mamili ng groseri nang online sa [Amazon](https://www.amazon.com/), [Shoprite](https://www.shoprite.com/), o [Walmart](https://www.walmart.com/). Siguraduhing kumpirmahin na ang isang online na tindahan ay naghahatid sa iyong tirahan.
 - Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa imigrasyon at mga pampublikong benepisyo tulad ng SNAP, tawagan ang libre, kumpidensyal na ActionNYC hotline sa **1-800-354-0365**, Lunes hanggang Biyernes mula 9 a.m. hanggang 6 p.m., o tumawag sa **311** at sabihing ay HINDI kang gagawing isang “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo” (“Public Charge”) upang ma-akses ang impormasyon at mga koneksyon sa legal na tulong.
- Ang mga serbisyong nakalista sa ibaba ay ibinibigay nang libre sa lahat ng mga taga-New York kahit ano pa ang iyong katayuan sa imigrasyon. Ang mga imigranteng na walang dokumentasyon ay maaari ring makatanggap ng mga serbisyong ito, at ang paggawa nito ay HINDI kang gagawing isang “taong umaasa sa mga pampublikong benepisyo” o makapinsala sa iyong kakayahang mag-aplay para sa isang green card.
 - Ang mga pantry ng pagkain ng Lungsod ng New York ay nagbibigay ng mga groseri, at ang mga kusina ng komunidad ay nagbibigay ng mainit na pagkain. Walang limitasyon sa kita. Maghanap ng mga lokasyon na malapit sa iyo at mga oras gamit ng [FoodHelpNYC](https://www.foodhelpnyc.org/) o tumawag sa 311.
 - Tatlong pagkain sa isang araw ay magagamit para sa lahat ng mga residente ng New York sa mga sentro ng pagkain sa buong lungsod. Ang mga Sentro ng Pagkain (Meals Hubs) ay bukas Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 a.m. hanggang 11:30 a.m. para sa mga bata at pamilya, at mula 11:30 a.m. hanggang 1:30 p.m. para sa mga adult. Walang pagpaparehistro, pagkakakilanlan, o dokumentasyon ang kinakailangan upang mag-pickup ng mga pagkain na ito. Ang lahat ng adult at bata ay maaaring mag-pickup ng tatlong pagkain sa isang pagkakataon. Maaaring i-pickup ng mga magulang o tagapagalaga ang mga pagkain para sa kanilang mga anak. Walang magagamit na silid ng kainan, kaya dapat kainin ang mga pagkain sa labas ng mga sentro ng pagkain. Ang mga pagpipilian na vegetarian, kosher, at halal ay magagamit sa lahat ng mga site. Bumisita ang website ng Department of Education na [tagahanap ng lokasyon ng libreng pagkain](https://www.doe.ny.gov/food) o tumawag sa **311**. Maaari ka ring mag-text ng **PAGKAIN** sa **877-877**. Mag-text ng **COMIDA** sa **877-877** para sa Espanyol.

- Ang sinumang mas matandang adult, na edad 60 at mas matanda, ma naghahanap ng mga pagpipilian kung saan at kung paano makakuha ng pagkain, kasama na ang posibleng paghahatid sa bahay, ay dapat bumisita sa www.nyc.gov/getfood o kontakin ang 311 at sabihing “Kumuha ng Pagkain.”
- Upang kanselahin, baguhin, o magsumite ng isang reklamo tungkol sa serbisyong ito maaari kang tumawag sa 311 at sabihing “Kumuha ng Pagkain” o magsumite ng puna nang online dito:on.nyc.gov/seniorfoodhelp
- Kung hindi ka makalabas ng iyong bahay, walang sinumang maaaring magkatid sa iyo ng pagkain, at hindi maaaring gumamit ng mga pagpipilian sa pribadong paghahatid, maaari kang maging karapat-dapat na makatanggap ng pagkain na ihahatid sa iyong bahay. Bumisita sa website ng [NYC COVID-19 Food Assistance Resources](#) o tumawag sa 311 at sabihing “Kumuha ng Pagkain.”
- Ang Special Supplemental Nutrition Program para sa Women, Infants and Children (WIC) ay nagbibigay ng libreng masustansyang pagkain at iba pang mga serbisyo sa mga kababaihan at batang may mababa ang kita. Bumisita sa [ACCESS NYC](#) (para sa Espanyol, bumisita sa [ACCESS NYC Español](#)) o tumawag sa Infoline ng HRA sa **718-557-1399**.



Pabahay at Utility

- Ang lahat ng mga paglilitis sa pagpapalayas at nakabinbin na mga kautusan ng pagpapalayas ay nasuspinde na sa New York para sa lahat sa oras na ito, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon. Nangangahulugan ito na hindi ka maaaring mapalayas ng may-ari ng upa mula sa iyong bahay dahil sa kabiguang bayaran ang upa sa panahong ito. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng [Tanggapan ng Mayor upang Maprotektahan ang mga Nangungupahan](#) o ang pahina ng NYS Attorney General [sa COVID-19](#) at mga karapatan sa pabahay.
- Ang mga nangungupahan na may mga katanungan o nangangailangan ng legal na payo tungkol sa kanilang pag-uupa, kung sila ay naliligalig ng kanilang mga may-ari ng upa o kung sila ay pinagbantaan ng pagpapalayas, maaaring kumontak sa hotline ng Lungsod para sa pantahanan na nangungupahan sa pamamagitan ng pagtawag sa 311. Ang hotline ay nagbibigay ng gabay sa kung paano ma-akses ang mga benepisyo ng lungsod o mag-aplay para sa tulong, libreng legal na payo, at iba pang magagamit na mapagkukunan upang matulungan ang lahat ng mga taga-New York – anuman ang ZIP code, kita, o katayuan sa imigrasyon – upang tugunan ang mga isyu sa pag-uupa sa panahon ng COVID-19 na krisis.
- Kung ang iyong iskedyul ng trabaho ay nabawasan bilang isang resulta ng coronavirus at hindi mo mabayaran ang iyong upa, maaari kang mag-aplay para sa Tulong sa Emergency Cash. Ang ilang mga paghihigpit sa imigrasyon ay naaangkop. Bumisita sa [ACCESS NYC](#) (para sa Espanyol, bumisita sa [Access NYC Español](#)) o tumawag sa Infoline na HRA sa 718-557-1399.
- Ang programa na Homebase ay makakatulong sa mga residente ng NYC na may agarang panganib sa pagkawala ng kanilang bahay at pagpasok sa sistema ng kanlungan. Bumisita sa webpage ng HRA sa Homebase o tumawag sa 311.
- Kung gumagamit ka ng isang NYC Housing Preservation and Development (HPD) Seksyon 8 na voucher at may problema sa pagbabayad ng upa dahil sa pagkawala ng kita, mag-email sa DTRAI@hpd.nyc.gov upang [makatanggap ng tulong](#).
- Ang mga residente ng NYCHA na nakakaranas ng pagkawala ng kita ay maaaring maging karapat-dapat para sa [programa ng NYCHA para sa paghihirap sa pag-uupa](#). Upang malaman ang higit pa, tawagan ang NYCHA Customer Contact Center sa **718-707-7771**.
- Ang Lungsod ay nagbibigay sa mga residente ng NYCHA ng iba't ibang mga mapagkukunan, kabilang ang mga personal na kagamitan sa proteksyon at pagsubok ng COVID-19 para sa lahat ng mga residente ng NYCHA pati na rin ang mga pagsusuri sa pagkain at kapakanan ng mga nakatatanda. Para sa karagdagang impormasyon, [bumisita sa website ng NYCHA](#).
- Nagbibigay ang Lungsod ng New York ng pansamantalang tirahan sa hotel sa mga sumusunod na grupo ng mga indibidwal: Ang mga taga-New York na nakakaranas ng kawalan ng tirahan; mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, anuman ang mga sintomas; mga pasyente ng NYC Health + mga Ospital na pinalabas at nangangailangan ng pag-hihiwalay sa sarili; at mga indibidwal na nasubok ng positibo para sa o may mga sintomas ng COVID-19 at nangangailangan ng pag-hihiwalay sa sarili. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa nyc.gov/covid19hotel.
- Napagkasunduan ng ConEdison na [huwag putulin](#) ang mga serbisyo sa kuryente dahil sa kabiguan na bayaran ang mga pagsingil sa utility at ipaubaya ang mga bayarin sa parusa para sa huling pagbabayad. Sinabi rin ng National Grid na hindi nila puputulin ang serbisyo ng gas dahil sa kabiguan na bayaran ang mga pagsingil hanggang sa katapusan ng Abril. Suriin ang [website ng ConEdison](#) at ang [website ng National Grid](#) para sa karagdagang impormasyon.
- [Ang Comcast, AT&T, at Verizon](#) ay sumang-ayon na hindi hindi nila puputulin ang mga serbisyo sa internet sa loob ng 60 araw kung hindi mo mabayaran ang kanilang mga pagsingil dahil sa mga kaguluhan na dulot ng COVID-19.

- Nag-aalok ang Comcast ng dalawang buwan na libreng internet na may bilis hanggang 25 Mbps) sa mga bagong customer na may mababang kita. Bumisita sa [website ng Comcast Internal Essentials](#) upang malaman ang higit pa.
- [Tinanggal ng lahat ng Metro PCS, T-Mobile, Sprint, AT&T](#) at [Comcast Xfinity](#) ang kanilang mga limitasyon ng data para sa mga tagasuskribi ng cell phone nang hindi bababa sa 60 araw. [Awtomatikong nagdagdag ang Verizon](#) ng isang karagdagang 15GB na 4G LTE na data sa mga ibinahaging data plan, mga hotspot at jetpack para sa consumer at maliit na negosyo. Kontakin ang iyong tagapagbigay ng cellphone para sa karagdagang impormasyon.
- Hanggang sa karagdagang paunawa, ang lahat ng Xfinity WiFi Public Hotspot ay magagamit na ngayon ng lahat sa “xfinitywifi” na SSID. Ang mga pampublikong hotspot ay matatagpuan sa maliit/medium na mga negosyo at sa labas sa mga komersyal na lugar. Bumisita sa [website ng Xfinity WiFi](#) upang makahanap ng isang WiFi Public HotSpot at matuto nang higit pa.



Edukasyon at Pangangalaga sa Bata

- Patuloy ang malayuang pag-aaral para sa natitirang bahagi ng taon ng paaralang 2019-2020 habang ang mga paaralan ay nananatiling sarado. Nangangahulugan ito na nag-aaral ang mga estudyante mula sa bahay gamit ang internet. Ang Department of Education (DOE) ay nagpapahiram ng mga iPad na nakaka-akses ng internet sa mga estudyante na nangangailangan. Kasama nito ang cellular plano ng data. Alamin ang higit pa sa [Schools.NYC.gov/Coronavirus](#) o tumawag sa **311**.
- Mayroong ilang mga libreng pagpipilian sa internet para sa mga estudyante sa K-12 at mga estudyante sa unibersidad:
 - [Nagbibigay ang Charter Spectrum](#) nang libre ang unang dalawang buwan na internet na may bilis na hanggang 100 Mbps para sa mga bagong customer. Ang mga bayarin sa pag-kabit ay maaaring mapaubaya. Tumawag sa 1-844-488-8395.
 - [Ang Suddenlink at Optimum](#), na parehong pag-aari ng Altice USA, ay nag-aalok ng 60 araw na libreng internet na may bilis na hanggang 30 Mbps para sa mga bagong customer. Tumawag sa 1-866-200-9522 para sa Optimum, at tumawag sa 1-888-633-0030 para sa Suddenlink na serbisyo sa internet.
 - Nag-aalok ang Cox sa unang buwan ng programa sa internet nito, [ang Connect2Compete](#), nang libre para sa mga customer na may mababang kita na may mga bata (K-12 o mas bata) hanggang Mayo 12, 2020.
- Ang DOE ay may [mga mapagkukunan para sa matuto-sa-bahay](#) sa Ingles para sa mga estudyante sa grade Pre-K hanggang 12.
- Ang NYC Administration for Children’s Services (ACS) ay may isang [virtual COVID-19 gabay ng mapagkukunan](#) para sa mga magulang at bata, kabilang ang mga tip sa pagiging magulang, mga iminungkahing aktibidad sa panahon ng kuwarantina, at mga mapagkukunan para sa mga pangunahing pangangailangan.
- Ang ACS ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon na nakabase sa komunidad sa tatlong mga kapitbahayan upang magbigay ng mga Family Enrichment Center (FECs) na nagbibigay ng isang hanay ng mga handog para sa at kasama sa komunidad. Nagbibigay ang mga FEC ngayon ng mga malayuang referral at suporta, pati na rin ang limitadong sa personal na emerhensiya na mga mapagkukunan. Maaari kang bumisita sa [website ng ACS](#) para sa karagdagang impormasyon.
- Nag-aalok ang New York Public Library (NYPL) [ng libreng online na pagtuturo para sa mga estudyante](#). Ang mga estudyante ay maaaring makatanggap ng online na tulong sa araling-bahay mula sa mga guro araw-araw mula 2 p.m. hanggang 11 p.m. Magagamit ang mga guro sa Ingles at Espanyol, mula sa unang bahagi ng elementarya hanggang sa mga high school na grade, sa mga pangunahing paksa. Ang nilalaman ng video at iba pang mga mapagkukunan ay magagamit din 24 oras sa isang araw. Kakailanganin ng mga pamilya ng kard ng New York Library upang ma-akses ang serbisyong ito, at maaaring mag-aplay para sa isang kard sa [website ng New York Public Library](#).
- Ang We Speak NYC ay nagbibigay ng libreng online na pangedukasyon na mapagkukunan sa wikang Ingles at nag-aalok ng libreng lingguhang mga klase sa online. [Mag-sign up para sa isang klase ngayon](#) upang makilala ang mga bagong tao, alamin ang tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod ng New York na magagamit sa lahat ng mga residente ng Lungsod ng New York, anuman ang katayuan sa imigrasyon, at magsanay sa pagsalita ng Ingles. Kung nais mong bumisita sa isang klase, mangyaring suriin ang [iskedyul ng mga klase dito](#). Kahit sino ay maaaring maka-akses sa mga libreng mapagkukunan sa [website ng We Speak NYC](#) nang walang pangangailangan na lumikha ng isang account. Mayroon ding mga materyales para sa mga tagapagturo kabilang ang mga plano sa aralin, at mga handbook.
- Ang Lungsod ay nagbibigay ng libreng pangangalaga sa bata sa mga Regional Enrichment Center (RECs) para sa mga unang tagatugon, manggagawa sa pangangalaga ng pangkalusugan, manggagawa sa transit, at iba pang kawani ng lungsod pati na rin mga mahahalagang manggagawa. Bukas ang mga REC mula 7:30 a.m. hanggang 6:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, para sa mga bata sa pre-kindergarten hanggang grade 12. Ibibigay ang pagkain. Bumisita sa website ng DOE [Regional Enrichment Center](#) o tumawag sa 311 upang malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo at ang buong listahan ng mga manggagawa na karapat-dapat para sa libreng pangangalaga sa bata.



Suporta sa Manggagawa at Tulong sa Pinansyal

- Kung ikaw ay isang may-ari ng negosyo o isang naghahanap ng trabaho, ang NYC Department of Small Business Services ay nag-aalok ng suporta para sa mga taga-New York. Bumisita sa nyc.gov/sbs para sa napapanahong mapagkukunan at impormasyon tungkol sa COVID-19.
- Bilang bahagi ng Coronavirus Aid, Relief, at Economic Security Act (CARES Act), ang gobyerno ay nagpapadala ng mga Economic Impact Payment sa maraming tao sa Estados Unidos na kumikita ng mas mababa sa isang tiyak na halaga ng pera.
 - Maaari kang maging karapat-dapat para sa Economic Impact Payment kung ikaw
 - Ay isang mamamayan ng Estados Unidos o residente dayuhan ng Estados Unidos;
 - Hindi maangkin bilang dependyente sa return ng ibang tao;
 - May Social Security na numero (SSN) na may bisa para sa pagtrabaho (balidong SSN); at
 - May mga adjusted gross income hanggang sa \$99,000 bilang indibidwal o \$198,000 nang magkasama.
 - Sa kaso ng isang pamilya, ang parehong mga magulang ay dapat may balidong mga Social Security na Numero at ang mga bata na inaangkin bilang mga dependyente ay dapat ding may balidong mga Social Security na Numero. (Pagbubukod: Kung ang alinman sa asawa ay miyembro ng U.S. Armed Forces sa anumang oras sa panahon ng buwis, kung gayon ang isang asawa lamang ang kailangang may isang balidong SSN.)
 - Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [ACCESS NYC](#).
- Alamin ang iyong mga karapatan bilang isang manggagawa at na mayroon kang mga karapatang ito kahit na ano ang iyong katayuan sa imigrasyon, kabilang ang may bayad na bakasyon para sa ligtas at may sakit sa ilalim ng batas ng Lungsod ng New York. [Ang batas ng karapatan ng manggagawa ng NYC](#) ay naaangkop sa lahat, kabilang ang mga imigrante na walang dokumentasyon.
- Maaaring may karapatan ka sa emerhensyang may bayad na bakasyon para sa may sakit leave sick leave para sa COVID-19 sa ilalim ng batas ng Estado ng New York. Ang mga imigrante na walang dokumentasyon ay maaaring maging karapat-dapat din. Upang malaman ang higit pa, bumisita sa [website ng Gobernador na Estado ng New York](#) o tumawag sa COVID-19 hotline ng estado sa 1-888-364-3065.
- Ang mga imigrante na taga-New York na may awtorisasyon sa trabaho ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa seguro sa kawalan ng trabaho. Ipinapaubaya ng Estado ng New York ang 7-araw na panahon ng paghihintay. Bumisita sa [website ng Department of Labor ng Estado ng New York](#) o tumawag sa 1-888-209-8124. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at proseso ng aplikasyon, bumisita sa [Access NYC Unemployment Benefits FAQ](#).
- Ang mga imigrante na taga-New York at/o ang kanilang mga anak ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong sa cash sa New York. Bumisita sa [ACCESS NYC](#) (para sa Espanyol, bumisita sa [Access NYC Español](#)) o tumawag sa Infoline nga HRA sa 718-557-1399.
- Kung nahihirapan ka sa pagbabayad ng mga pagsangla sa bahay, maaaring ipaubaya ng iyong bangko ang iyong pagbabayad ng pagsangla sa loob ng 90 araw sa ilalim ng gabay sa pagbubukod ng pagsangla ng [New York State Department of Financial Services](#). Tumawag sa iyong bangko sa pagpapahiram ng pagsangla upang malaman ang higit pa.
- Ang pagbabayad sa pautang ng pederal para sa estudyante ay awtomatikong nasuspinde, nang walang interes o mga multa. Ang ilang mga pautang para sa estudyante, tulad ng mas matandang pederal na pang-edukasyon na pautang sa pamilya ay hindi pagmamay-ari ng U.S. Department of Education, mga Perkins Loan na pag-aari ng mga paaralan, at mga pribadong pautang para sa estudyante, ay hindi sinuspinde. Alamin ang higit pa sa NYC Department of Consumer and Worker Protection na [Student Loan Debt Tips During COVID-19](#) at bumisita sa studentaid.gov.
- Kung mayroon kang mga utang para sa estudyante o pang-medikal na huli na sa pagbabayad sa Estado ng New York, maaaring protektado ka nang pansamantala mula sa koleksyon ng utang. Alamin ang higit pa sa [website ng New York Attorney General](#).
- Ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga empleyado ng transit, at mga unang tagatugon ay maaaring makakuha ng isang libreng 30-araw na pagsapi sa Citi Bike sa pamamagitan ng pag-sign up sa pamamagitan ng kanilang mga taga-empleyo. Bumisita sa [webpage ng Citi Bike Critical Workforce program](#) upang malaman ang higit pa.



Kaligtasan at Proteksyon ng Publiko Laban sa Panliligalig o Diskriminasyon

- Ang pagkapoot at diskriminasyon laban sa sinuman batay sa kanilang lahi, pambansang pinagmulan, o iba pang katayuan ay hindi pinahihintulutan sa Lungsod ng New York. Ang [NYC Commission on Human Rights](#), Office for the Prevention of Hate Crimes ng Mayor, at ang NYPD ay sinusubaybayan at tumutugon sa mga naiulat na mga insidente ng pagkapoot at pagkiling na bunga ng takot at stigma na may kaugnayan sa COVID-19.
 - Tumawag sa **311** upang mag-ulat ng panliligalig o diskriminasyon.
 - Tumawag sa **911** kung ikaw ay biktima ng isang krimen ng pagkapoot o masaksihan ang pinaniniwalaan mong isang krimen ng pagkapoot. Ang mga opisyal ng NYPD ay hindi magtanong tungkol sa katayuan ng imigrasyon ng sinumang humihingi ng tulong.
 - Bumisita sa nyc.gov/StopCOVIDHate para sa impormasyon kung paano mag-ulat ng mga insidente ng pagkapoot at pagkiling na may kaugnayan sa COVID-19, at mag-akses ng suporta para sa biktima at sa kalusugang pangkaisipan.
- [Ang mga NYC Family Justice Center](#) ay magagamit sa pamamagitan ng telepono upang magbigay ng tulong sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, kabilang ang agarang pagpapalano ng kaligtasan, tulong sa tirahan, legal na tulong, serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan at pagpapayo, at iba pang mahahalagang mapagkukunan. Maaaring hilingin sa iyo na mag-iwan ng isang mensahe, at may isang taong tatawag sa iyo sa lalong madaling panahon.
 - Mula Lunes hanggang Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m., maaari kang tumawag sa lokasyon ng sentro na malapit sa iyo.
 - Para sa NYC Family Justice Center, **Bronx**, tumawag sa **718-508-1220**
 - Para sa NYC Family Justice Center, **Brooklyn**, tumawag sa **718-250-5113**
 - Para sa NYC Family Justice Center, **Manhattan**, tumawag sa **212-602-2800**
 - Para sa NYC Family Justice Center, **Queens**, tumawag sa **718-575-4545**
 - Para sa NYC Family Justice Center, **Staten Island**, tumawag sa **718-697-4300**
 - Sa gabi o katapusan ng linggo, tumawag sa 24-oras Domestic Violence Hotline ng NYC sa **800-621-HOPE (4673)**.



Katayuan ng Mga Pagilitis at Pagpapatupad sa sa Imigrasyon

- Ang ActionNYC ay ang inisyatibo ng Lungsod na nagbibigay ng libre, ligtas, at kumpidensyal na legal na tulong sa imigrasyon para sa taga-New York. Kasalukuyang nababagay ang programa sa oras na ito upang pahintulutan ang mga pag-sala sa imigrasyon sa pamamagitan ng telepono upang sumunod sa social distancing (manatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi nakatira sa iyong sambayanan). Para sa anumang mga katanungan o alalahanin na mayroon ka tungkol sa katayuan ng imigrasyon, tumawag sa 1-800-354-0365 Lunes hanggang Biyernes mula 9 n.u. hanggang 6 n.g., o tumawag sa 311 at sabihing “ActionNYC.”
- Ang NYC Office of Civil Justice ay nagbibigay ng libreng legal na serbisyo sa mga taga-New York na nangangailangan, kabilang ang mga nangungupahan, imigrante, mababang-sahod na manggagawa at iba pang mga taga-New York na humaharap sa mga sibil na legal na hamon. Bumisita sa [website ng NYC Office of Civil Justice](#) upang malaman ang higit pa.
- Ang lahat ng mga paglilitis sa korte ng imigrasyon ay ipinagpaliban hanggang sa Mayo 15, 2020 para sa mga taong hindi nakakulong. Para sa mga taong nakakulong, ang mga paglilitis ay patuloy na ngayon. Manatiling may kaalaman tungkol sa napabago sa pamamagitan ng pagbisita sa Justice.gov/EOIR, pagtawag sa hotline ng Executive Office for Immigration Review (EOIR) sa **1-800-898-7180**, at pagsusuri sa [Facebook na pahina ng EOIR](#)
- Kinansela ng Citizenship and Immigration Services (USCIS) ang lahat ng mga serbisyo sa personal kabilang ang mga pakikipanayam at mga seremonya ng naturalisasyon hanggang sa karagdagang paunawa. Bumisita sa USCIS.gov/Coronavirus (para sa Espanyol, bumisita sa [webpage ng Respuesta de USCIS al Coronavirus 2019](#)) o tumawag sa hotline ng USCIS sa **1-800-375-5283**.
- Binago ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) ang mga patakaran nito bilang pagtugon sa COVID-19 na pandemya. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa ICE.gov/COVID19

- Ang mga pagbisita sa mga taong nakakulong sa ICE ay kasalukuyang hindi pinapahintulot para sa pamilya at mga kaibigan. Para sa mga abogado, nagpapatuloy ang ilang mga legal na pagbisita. Gayunpaman, hinihikayat ng ICE ang pagbisita sa video para sa mga abogado kung saan posible at hinihiling ang mga iyong na dumadalaw sa personal na magdala ng kanilang sariling personal na kagamitan sa pagprotekta at maaaring sila ay isailalim sa pagsubok sa pasilidad. Dapat kontaking ng mga abogado ang mga indibidwal na pasilidad para sa mga detalye at mga pagbabago.
- Kinansela ng ICE ang lahat ng mga sa personal na check-in para sa mga taong hindi nakakulong. Nagaganap pa rin ang mga check-in na Telephonic.
 - Patuloy ang mga aresto ng ICE. Sinabi ng ICE na ipapatupad nila ang ilang mga limitasyon sa kung sino ang kanilang iaaresto at na hindi sila magsasagawa ng mga pag-aaresto sa o malapit sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan maliban sa mga pambihirang kalagayan.



Karagdagang Mga Mapagkukunan

- Mga tanong tungkol sa imigrasyon o kung paano ma-akses ang mga serbisyo sa Lungsod? Tumawag sa MOIA na hotline sa 212-788-7654, Lunes hanggang Biyernes mula 9 a.m. hanggang 5 p.m., magpadala ng email sa AskMOIA@cityhall.nyc.gov, o kontakin ang isang MOIA Neighborhood Organizer.
- Ang mga taga-New York na may kapansanan ay maaaring bumisita sa [COVID-19 na webpage ng People with Disabilities ng Tanggapan ng Meyor](#) para sa mga taong may kakulangan para sa impormasyon tungkol sa paghahatid ng pagkain/supply, mga social security/Medicaid na benepisyo, mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay, at marami pang mapagkukunan.
- [Ang mga form ng senso ay maaaring makumpleto sa online](#) o sa pamamagitan ng telepono sa **844-330-2020**. Para sa suporta sa wika, bumisita sa [webpage ng 2020 Census Language Support](#). Ang senso ay ligtas, ang mga tugon ay ganap na kumpidensyal, at WALANG mga katanungan tungkol sa pagkamamamayan o imigrasyon.